Adarna

Lahi

Si Mariang Alimango

MARIANG ALIMANGO

TG
J398.20959
LACSON

Muling isinalaysay ni/*Retold by* TOMAS LACSON
Guhit ni/*Illustrations by* OÑIE MILLARE

Digitized by the Internet Archive
in 2023 with funding from
Kahle/Austin Foundation

https://archive.org/details/isbn_9715081886

Sa mga Magulang, Guro, Daycare Workers, at Mananalaysay

Ang kuwentong *Cinderella* ay popular sa mga batang Filipino. Mula pa noong panahon ng Espanyol, ang kuwento ng isang ulilang batang babae na api-apihan sa pangangalaga ng kaniyang mabagsik na tiya ay nagkaroon ng iba't ibang bersiyon sa buong bansa. Sa bersiyong ito, si Cinderella ay ang mabait at magandang si Mariang Alimango na iniligtas ng kaniyang engkantadang kaibigan, isang malaking alimango. Dito at sa iba pang bersiyon ng kuwento, itinuturo sa bata na ang kabutihan at kababaang-loob ay laging nagtatagumpay laban sa kasamaan at pagmamataas.

For Parents, Teachers, Daycare Workers, and Storytellers

The Cinderella *story is a favorite among Filipino children. Since the Spanish period, many versions of the tale of the orphaned girl left in the care of her cruel stepmother have appeared in different parts of the country. In this particular version, Cinderella is the kind-hearted and beautiful Mariang Alimango who is rescued by her fairy godmother, a giant crab. Here, and in all other versions of the story, the child is taught that goodness and humility always triumph over evil and pride.*

Adarna House
Sagisag Pangkalakal ng Adarna House, Inc.
Trademark of Adarna House, Inc.

Karapatang-ari © 1992 ng Adarna House, Inc., Tomas Lacson, at Oñie Millare.
Reserbado ang lahat ng karapatan, kasama na ang mga karapatan sa reproduksiyon at paggamit sa anumang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa mga mayhawak ng karapatang-ari.

Gawa at limbag sa Filipinas
Inilathala ng Adarna House, Inc.
Room 102 JGS Bldg., 30 Scout Tuason St., Quezon City, Philippines
Telefax: (632) 372-3548
E-mail: adarnahouse@adarna.com.ph
URL: www.adarna.com.ph

Muling isinalaysay ni Tomas Lacson
Guhit ni Oñie Millare
Salin sa Ingles ni Annie V. Habulan

Copyright © 1992 by Adarna House, Inc., Tomas Lacson, and Oñie Millare. All rights reserved.
No part of this book may be reproduced in any form without written permission from the copyright owners.

Printed in the Philippines
Published by Adarna House, Inc.

Retold by Tomas Lacson
Illustrations by Oñie Millare
English translation by Annie V. Habulan

ISBN 971-508-188-6

Para sa mga puna at mungkahi, tumawag sa Adarna House sa telepono blg. 372-3548 o sumulat sa Room 102 JGS Bldg., 30 Scout Tuason St., Quezon City o kaya naman, mag-e-mail sa adarnahouse@adarna.com.ph.

For comments and suggestions, you may call Adarna House at 372-3548 or write us at Room 102 JGS Bldg., 30 Scout Tuason St., Quezon City or e-mail us at adarnahouse@adarna.com.ph.

Si Mariang Alimango

MARIANG ALIMANGO

CONTRA COSTA COUNTY LIBRARY

Muling isinalaysay ni/*Retold by* TOMAS LACSON

Guhit ni/*Illustrations by* OÑIE MILLARE

1901 03055 4938

Isang kawawang dalaga si Maria.
Bata pa siya nang mamatay ang kaniyang ina.
Nag-asawa muli ang kaniyang ama
at napakasungit ng kaniyang Tiya Justa.

Maria was a maiden to pity.
Her mother died when she was still very young.
Her father married again and her Aunt Justa
turned out to be a very cruel woman.



May dalawang anak na babae si Tiya Justa.
Sila ay sina Juanita at Jovita.
Mahal na mahal ni Tiya Justa ang dalawa
habang si Maria ay itinatratong parang alila.

Aunt Justa had two daughters.
They were Juanita and Jovita.
Aunt Justa adored the two but treated Maria like a slave.



Kung wala sa kusina ay nasa batis si Maria
at naglalaba ng damit ng tiya't dalawang kapatid.
Umiiyak si Maria nang marinig niya
ang isang matamis na tinig.
"Sino ka?" tanong niya.
"Huwag kang matakot," sabi ng alimango.
"Naparito ako para tulungan ka."

When Maria was not working in the kitchen,
she would be at the stream washing the clothes
of her stepmother and two stepsisters.
Maria was crying when she heard a sweet voice.
"Who are you?" she asked.
"Do not be afraid," the crab said.
"I have come to help you."

Nang magpunta si Tiya Justa sa batis,
nahuli niya ang dalawang nag-uusap.
Noon din, hinuli ni Tiya Justa ang alimango.
"Halika't mas mainam itong iulam!"
At inutusan niya si Maria na iluto ang alimango.

When Aunt Justa went to the stream,
she caught the two talking.
Aunt Justa immediately took the crab.
"Come, it is better to feast on it!"
She then ordered Maria to cook the crab.

"Huwag kang malungkot," sabi ng alimango.
"Iluto mo ako, Maria. Pagkatapos akong kainin,
ibaon mo sa tabi ng batis ang aking balat."
Tuwang-tuwang kinain nina Tiya Justa,
Juanita, at Jovita ang alimango.
Pagkatapos, nagmamadali silang nagpunta sa palasyo.
Tinupad naman ni Maria ang bilin ng alimango.

"Do not be sad," said the crab.
"After I have been cooked and eaten,
take my shell and bury it beside the stream."
Aunt Justa, Juanita, and Jovita ate the crab happily.
They then went to the ball at the palace.
Maria did what the crab told her.

Biglang may tumubong marikit na punongkahoy
at nagsalita, "Pupunta ka rin sa palasyo, Maria."
Biglang nakabihis na si Maria, at isang karwaheng hila
ng mga puting kabayo ang naghihintay
sa kaniyang sumakay.
"Umuwi ka bago maghatinggabi,"
sabi ng marikit na punongkahoy.

Suddenly, there grew a beautiful tree which spoke to her,
"You will go to the ball, too, Maria."
In an instant, Maria was beautifully dressed,
and a carriage drawn by white horses was waiting for her.
"Remember to be home before midnight," said the beautiful tree.

Nagulat ang mga tao pagpasok ni Maria.
Nilapitan si Maria ng makisig na Prinsipe
at inayang sumayaw.

The guests were surprised when Maria entered the ballroom.
The Prince approached Maria and invited her to dance.

Inggit na inggit ang mga babae kay Maria,
lalo na si Justa, si Juanita, at si Jovita.
Inggit na inggit sila sa di nakilalang si Maria.
Nagsayaw si Maria at ang Prinsipe buong gabi.

The women, especially Aunt Justa, Juanita, and Jovita,
envied Maria. They did not recognize her.
Maria and the Prince danced all night.



Hindi sinasadya, napatingin sa orasan si Maria.
Ilang saglit na lang at alas-dose na.
Mabilis na tumakbo palabas ng palasyo si Maria.
Hinabol siya ng nagtatakang Prinsipe.
Ngunit nawala sa dilim si Maria. Napulot na lamang
ng Prinsipe ang kabiyak ng sapatos ng dalaga.

Maria, without meaning to, looked at the clock.
Only a few seconds were left before midnight.
She left the palace in a hurry. The Prince ran after her.
But Maria had disappeared into the night,
and the Prince picked up a slipper she had left behind.

Hindi malimot ng Prinsipe si Maria.
Sa tindi ng lungkot, iniutos ng Prinsipe
na hanapin ang may-ari ng kabiyak na sapatos.
Nagpunta sa bahay-bahay ang mga sundalo
dala ang kabiyak na sapatos na naiwan ni Maria.

The Prince could not forget Maria.
He ordered the royal guards to look for the owner of the slipper.
The royal guards went to every house in the village
and asked all women to try on the slipper.

"Pakakasalan daw ng Prinsipe ang may-ari ng sapatos,"
nasasabik na sabi ng dalawang kapatid ni Maria.
Dumating ang mga sundalo.
Ngunit hindi magkasya sa sapatos ang malalaking paa
ng magkapatid.

"The Prince has announced that he will marry whomever owns the slipper,"
Maria's stepsisters said anxiously.
The royal guards came to their house.
But their feet were too large for the slipper.

Isang sundalo ang nakapansin kay Maria
na nakasilip sa likod ng pinto ng kusina.
Tinawag niya si Maria para magsukat ng sapatos.
Anupa't nang isuot ang sapatos
ay kasyang-kasya ito sa paa ni Maria!
Hinimatay sa gulat ang masungit na si Tiya Justa.
Hinimatay din sa sama ng loob at malaking inggit
sina Juanita at Jovita.

A royal guard noticed Maria
who was watching from behind the kitchen door.
He asked Maria to try on the slipper.
The slipper fit Maria's foot perfectly!
The cruel Aunt Justa fainted with surprise.
Juanita and Jovita fainted with envy.

Ipinahanda ang isang maringal na kasal.
Iyon daw ay ang pinakamalaking kasal sa buong bayan.
Dumalo sa palasyo ang mga tao
para tingnan ang magandang asawa ng Prinsipe,
ang magandang si Mariang Alimango.

A grand wedding was prepared.
It was the most splendid wedding in the whole village.
Everyone went to the palace
to see the Prince's beautiful bride,
the beautiful Mariang Alimango.

Pagdugtong-dugtungin ang mga tuldok
para makita kung anong hayop ito.

Connect the dots to see the animal.




13
14
15
12
16
5
6
17
11
7
8
10
18
9
20
19
21
26
32
38
43
27
25
22
24
31
28
42
39
33
37
30
23
44
34
41
40
36
29
35

TULONG SA PAG-AARAL

Ang kuwentong *Si Mariang Alimango* ay maaaring gamitin sa paglinang ng kakayahan ng bata sa paglalarawan ng mga pangunahing tauhan, pag-alaala ng mga detalye, at pagsunod-sunod ng mahahalagang pangyayari sa kuwento.

Sabjek	Mga Paksa para sa Talakayan
Pagbasa *(Reading)*	**Paglalarawan ng mga pangunahing tauhan** **Pagtukoy ng uri ng relasyon ng mga tauhan sa isa't isa *(sociogram)*** **Pag-alaala ng mahahalagang detalye** **Pagsunod-sunod ng mahahalagang pangyayari** **Pagbigay ng buod ng kuwento**
Filipino	**Mga pandiwa** **Mga pangngalan**
Language	***Verbs*** ***Nouns***

STUDY GUIDE

The story Mariang Alimango *can be used in designing activities that will help develop the child's skills in describing characters, noting details, and sequencing important events.*

Ang kuwento
ay paborito
batang Filipino.
Sa lokal na bersiyong ito,
si Mariang Alimango
ang maganda ngunit mabait
na ulila na sinagip ng isang
dambuhalang alimango.

The story of Cinderella is a favorite among Filipino children. In this Filipino version of the tale, Mariang Alimango is the beautiful and kind orphan girl who is saved by a giant crab.

AKLAT NG LAHI
Tinatalakay sa serye ang tungkol sa mga tradisyonal at katutubong anyo ng panitikan gaya ng mito, alamat, pabula, epiko, at awiting-bayan.

HERITAGE SERIES
Books in this series feature traditional forms of literature such as myths, legends, fables, epics, and folk-song

ISBN 971-508-
W6-BAM-915
CONTRA COSTA
MAY 2006
www.cc
PINOLE